Ang Ethnic Disability Advocay Centre (EDAC) ay serbisyong nasa komunidad para sa mga may kapansanan na galing sa iba't-ibang kultura, kanilang mga pamilya/ tagapag-alaga, at mga kaibigan. Ang EDAC ay makakatulong sa pagsusulong ng inyong karapatan sa antas ng indibidwal at sistema, pagbibigay ng impormasyon, networking, at pagsasanay.

Advocacy
Matutulungan namin kayong makakuha ng mga serbisyong pangmay-kapansanan, multikultural, ligal, edukasyon, trabaho, kagalingan, pangkalusugan, at serbisyo para sa mga tagapag-alaga. Makakatulong din kami sa inyong mga problema na may kinalaman sa mga ahensya ng gobyerno tulad ng Homeswest, Departament of Justice, Centrelink, at Immigration. Sa antas ng sistema, ang EDAC ay nakikipag-ugnayan sa gobyerno at mga organisasyong pang-etniko at pangmay-kapansanan para sa ikabubuti ng mga may kapansanan na galing sa ibaíbang kultura at ng kanilang mga pamilya.

Impormasyon, pakikipag-ugnayan at referral
May malakas na ugnayan ang EDAC sa mga grupo at serbisyong pangkomunidad na sumusuporta sa mga may kapansanan na etniko. Ginagamit namin ang ugnayang ito para bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa inyong prebilehiyo at mga serbisyo, at mga balita tungkol sa mga kaganapan at aktibidades sa komunidad. Ginagamit din ang ugnayang ito para sa referral; para matiyak na kayo ay may daan sa mga serbisyong akma sa inyo.

Suporta
May mga grupong pangsuporta na pinatatakbo ang EDAC para sa mga may kapansanan at kanilang mga tagapag-alaga, at nagbibigay din ng lugar-tagpuan para magka-ugnayan ang bawat isa.

Kontakin Kami
Bukas ang aming opisina mula Lunes hanggang Biyernes, 9 am – 5pm. Tumawag po lamang kayo. Ang aming serbisyo ay walang bayad.

Kung may gusto pa kayong alamin tungkol sa aming serbisyo sa ibang wika naman, mangyari po lamang na tumawag sa aming opisina (08) 9388 7455 at humingi ng interpreter sa telepono. Salamat po.